



Mga FAQ: Pangkalahatang Bentilasyon

Huling na-update noong Disyembre 10, 2020

Ang mga sumusunod na FAQ ay ginawa ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) para gamitin ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post sa www.sfcddp.org/COVID-Ventilation. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago sa kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng Kagamitan para sa Personal na Proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga organisasyong hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan (kasama ang mga negosyo, kumpanya, opisina, paaralan, relihiyosong grupo, at katulad na organisasyon). Kailangang humingi ng gabay ang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at ang mga unang tagaresponde sa kanilang mga grupo para sa pagkontrol ng impeksyon at kaligtasan at kalusugan, dahil may mga partikular na panganib o mapanganib na aktibidad na makontrol ng mga system para sa bentilasyon. Makakakita ng karagdagang impormasyon para sa mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa www.sfcddp.org/covid19hcp sa ilalim ng Health Care Exposure (Mga Pagkakalantad ng may kaugnayan sa Pangangalagang Pangkalusugan).

Mga madalas itanong

1. **Kung ang aking restaurant, gym, o pampersonal na serbisyong negosyo ay maraming kuwarto o saradong lugar, pero ang bentilasyon na mayroon lang ako ay buksan ang aking pintuan sa harapan, sapat ba ito para matugunan ang mga kinakailangan ng Utos sa Kalusugan?**

Upang sumunod sa naaangkop na mga alituntunin ng gusali, malamang na alinman sa mayroong sapat na natural na bentilasyon ang iyong negosyo (mga bintana at pintuan na bukas sa hangin galing sa labas) o mechanical na system sa bentilasyon na maaaring i-adjust para magbigay ng karagdagang hangin galing sa labas. Kung hindi ka sigurado kung anong uri ng bentilasyon na mayroon ka, mangyaring konsultahin ang iyong landlord o ang manager ng mga pasilidad. Kung hindi ka pa rin sigurado kung mayroon kang sapat na bentilasyon, mahigpit na inirerekomenda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) na gumamit ka rin ng mga naaangkop na portable air cleaner para sa bawat saradong lugar at kuwarto sa iyong negosyo.

2. **Kung ang aking negosyo para sa mga personal na serbisyo ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga customer na inaalis ang kanilang mga takip sa mukha at ibinibigay ko ang mga serbisyong iyon sa isang hiwalay na kuwarto o lugar na may kurtina, dapat ba akong gumamit ng Portable Air Cleaner (PAC) sa bawat lugar?**

Mahigpit na inirerekomenda ng SFDPH na gumamit ka ng hiwalay na PAC sa bawat lugar kung saan nagbibigay ka ng mga personal na serbisyo kung saan inaalis ng customer ang kanyang takip sa mukha.



3. Kung ang aking negosyo ay mayroong mga pintuan na nagbubukas sa isa pang lugar sa loob, pero hindi sa sariwang hangin sa labas, natutugunan ba noon ang kinakailangan na buksan ang mga pintuan at bintana? Paano kung nasa isang mall o gym ang lugar?

Hindi, kung iyong negosyo ay walang mga bintana o pintuan na bukas sa sariwang hangin sa labas, ang pagbubukas ng iyong mga bintana at pintuan sa isa pang lugar sa loob ay hindi natutugunan ang iyong mga kinakailangan para sa bentilasyon. Gayunpaman, kung nasa isang mall o gym ang iyong negosyo o ibang saradong-saradong lugar na sumusunod sa alituntunin ng gusali, kailangang mayroong mechanical na system ng bentilasyon na maaaring i-adjust para matugunan ang iyong mga kinakailangan para sa bentilasyon. Para pahusayin ang kaligtasan, maaari ka ring magdagdag ng isa o higit pang portable air cleaner sa iyong lugar. Sa pangkalahatan, hindi mo dapat buksan ang mga pinto at bintana sa ibang lugar sa loob dahil maaari itong magdulot ng cross-contamination, mga hindi balanseng system ng bentilasyon, at/o makakompromiso sa kaligtasan sa sunog/buhay ng gusali.

4. Paggamit ng heat function ng aming HVAC system sa mga araw na malamig ang temperatura sa labas. May mga nabasa kaming ulat na kapag pinainit ang indoor na hangin, mas madaling kumakalat ang virus. Ang payo ba ninyo ay huwag gamitin ang heater sa malamig na panahon, at magsuot na lang ng sapat na damit para hindi lamigin?

Hindi kami pamilyar sa anumang lathalaing nasuri ng peer na nagmumungkahi ng mga pagbabago sa pagkalat ng virus dahil sa temperatura. Gayunpaman, maaaring dumami ang mga secretion sa mata at respiratory tract dahil sa mas malamig na temperatura, na siyang nagpapataas sa panganib ng hand-to-mucus membrane (mata, ilong, o bibig) contact habang hindi mo sinasadyang hawakan ang iyong mga mata o punasan ang iyong ilong. Maliban na lang kung maingat na susundin ang paglilinis ng kamay, maaaring mapataas nito ang panganib ng pagkakalantad sa COVID-19.

5. Paano naman ang sirkulasyon ng hangin - sa mga buwan na mainit ang panahon ay ino-on namin ang AC para i-filter ang hangin. Pero sa malamig na panahon, iiwan ba namin itong naka-off o io-on namin ang simple fan na function nang walang cooling o heating?

Sa mga pangunahing system ng bentilasyon, hindi nakakaapekto ang tuloy-tuloy na pagpapagana sa fan sa heating o cooling. Kung “matutukoy” ng thermostat ang naaangkop na temperatura ng kuwarto, gagana ang fan nang walang heating o cooling; gayunpaman, kung lalampas ang temperatura sa itinakdang range, idaragdag ang heating o cooling sa hanging umiikot.

6. Paano naman ang ultraviolet light (UV) para sa pag-disinfect ng hangin?

Maraming paraan para gamitin ang UV, ang ilan ay mas epektibo kumpara sa iba para sa proteksyon laban sa COVID-19:

Mga Upper Room UV system na inilalagay ang mga high-energy na UV lamp na naglalabas ng radiation sa pang-itaas na bahagi ng kuwarto, kung saan hindi ito maaabot ng mga gumagamit ng kuwarto, at gumagamit ng mga ceiling fan para kumuha ng hangin para sa irradiation zone. Ang mga detalye gaya ng electrical power, paglalagay ng lamp at fan, at mga pamprotektang baffle sa paligid ng mga lamp para mapigilan ang mga pagkakalantad ay nangangailangan ng mga bihasang propesyonal para sa ligtas at mabisang pagkakabit. Kinikilala ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at



Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ang mga Upper Room UV system bilang opsyon para sa COVID-19, pati na rin sa iba pang nakakahawang sakit tulad ng TB.

Mga In-Duct UV system, na inilalagay ang mga high-energy na UV lamp sa loob ng ductwork ng supply ng bentilasyon. Kailangan din ng mga system na ito ang propesyonal na pagsusukat, pagkakabit, at maintenance pero tinutukoy ang mga ito bilang mabisa ng CDC.

Mga In-Room Mobile System, na simpleng isa o higit pang high-energy na UV lamp na naka-mount sa mga gulong at nakalaan para sa pag-disinfect ng mga surface sa mga hindi ginagamit na kuwartero. Ang mga unit na ito ay para sa pag-disinfect ng mga nalinis nang surface, hindi ng hangin. Hindi tinukoy ng CDC na magagamit laban sa COVID-19 ang mga system na ito, at mayroon lang kakaunting lathalaing nasuri ng peer tungkol sa pagiging mabisa sa pag-disinfect ng surface laban sa iba pang pathogenic na organism.

Mga UV Lamp sa Mga Portable Air Cleaner (Mga PAC) - Nilalagyan ng ilang manufacturer ng mga UV lamp ang kanilang mga PAC. Walang lathalaing nasuri ng peer na nagsasaad na may naitutulong ang mga naturang lamp sa pag-filter ng hangin ng PAC at inirerekomenda ng mga grupo gaya ng Unyon ng Consumer (Mga Ulat ng Consumer) at ng grupo ng mga paaralan ng Harvard School of Public Health / University of Colorado Boulder na nagtutulong laban sa COVID-19, ang pag-iwas sa karagdagang paggastos para bumili ng mga PAC na may mga UV lamp.

Mga UV "Disinfecting Wand" - Marami ang nagbebenta, kasama ang mga nagbebenta sa internet, ng "mga disinfection wand" para i-disinfect ang mga surface at/o ang hangin. Walang katibayan kung ang mga wand na ito ay may epekto sa COVID-19 o iba pang pathogenic na organism.

Tandaan: Ang mga fluorescent tube-type UV lamp ay karaniwang naglalaman ng lubhang napakatataas na concentration ng mercury kumpara sa iba pang uri ng fluorescent tube. Dapat mag-ingat sa pag-handle at paggamit ng mga naturang lamp. Ang mga LED na naglalabas ng ultraviolet light ay hindi pa natutukoy na nagbibigay ng anumang uri ng pag-disinfect.

Para sa higit pang detalyadong impormasyon tingnan ang **Guidance on Ventilation (Gabay sa Bentilasyon)** ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco at **Portable Air Cleaners FAQs (Mga FAQ tungkol sa mga Portable Air Cleaner)** na naka-post sa <https://www.sfdcp.org/COVID-Ventilation>